# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-28 ng Pebrero, 2025

## Ang mga Pamplet ng Impormasyon ng Botante ay Ipinadala na sa mga Rehistradong Botante para sa Espesyal na Primaryang Eleksyon ng Distrito Isa

Ang mga pamplet ng impormasyon ng botante ay ipinadala sa mahigit 376,000 na rehistradong botante ng Unang Superbisoryal na Distrito sa County ng San Diego para sa Ika-8 ng Abril espesyal na primaryang eleksyon.

Ang mga pamplet ng Tagapagrehistro ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga opsyon sa pagboto, mga deadline ng eleksyon, mga pahayag ng kandidato, at marami pa. Kasama rin dito ang isang sampol kung ano ang magiging hitsura ng inyong opisyal na balota. Bukod pa rito, mahahanap ng mga botante ang isang listahan ng mga opisyal na ballot drop box at vote center sa loob ng kanilang pamplet ng impormasyon ng botante o online sa sdvote.com.

Maaari ring makita ng mga botante ang kanilang mga pamplet sa online gamit ang tool na Tingnan ang Aking Pamplet ng Impormasyon para sa Botante (Sampol na Balota) sa sdvote.com.

Kung nag-sign up kayo upang kunin ang inyong pamplet ng impormasyon ng botante sa elektronikong paraan, dapat ay nakatanggap kayo ng email na nagbibigay sa inyo ng parehong impormasyon at isang link sa inyong pamplet.

Ang mga botante na gustong mapabilang sa mga unang makakakita ng kanilang pamplet tuwing eleksyon ay maaaring mag-sign up upang matanggap ang lahat ng mga pamplet sa hinaharap sa elektronikong paraan. Ang mga botante na gagawin ang opsyong ito ay hindi na makakatanggap ng isang papel na kopya sa koreo ngunit makakatanggap ng email kapag ang pamplet ay naging available sa online.

Makakatanggap ng balota sa pamamagitan ng koreo ang mga rehistradong botante sa Distrito 1 sa lingo ng Ika-10 ng Marso. Ang opisyal na pakete ng balota ay maglalaman ng isang “Bumoto Ako” na sticker, mga instruksyon sa pagboto, at iba pang mahahalagang impormasyon tungkol sa eleksyon.

Ang taong nahalal ay magpupunan sa bakanteng puesto ng distrito para sa natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na magtatapos sa Enero ng 2029. Kung walang kandidatong makakatanggap ng mayoryang boto sa Ika-8 ng Abril na eleksyon, ang nangungunang dalawang makakakuha-ng-pinakamaraming-boto ay magpapatuloy sa espesyal na pangkalahatang eleksyon sa Ika-1 ng Hulyo. Tanging ang mga botante lamang na naninirahan sa distrito ang maaaring bumoto sa eleksyon.

Ang Distrito 1 ay umaabot mula sa Pacific Ocean hanggang sa mga kabundukan ng Otay at San Miguel sa silangan (east), at mula sa Barrio Logan sa hilaga (north) hanggang sa internasyonal na border ng U.S./Mexico sa timog (south). Kasama sa distrito ang mga lungsod ng Chula Vista, Imperial Beach, National City, at ilang komunidad sa loob ng Lungsod ng San Diego, kabilang ang Barrio Logan, East Village, Golden Hill, at higit pa. Kasama rin dito ang mga unincorporated na lugar ng Bonita, East Otay Mesa, Lincoln Acres, Sunnyside, at La Presa.

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-28 ng Pebrero, 2025

Kung hindi kayo sigurado kung kayo ay nakatira sa Distrito 1, maaaring hanapin ito sa sdvote.com.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa Distrito 1 espesyal na primaryang eleksyon sa sdvote.com o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101